## San Francisco Redistricting Glossary
## (Talasalitaan ukol sa Pagsasaayos Muli ng mga Distrito)

**American Community Survey (Sarbey sa mga Amerikanong Komunidad, ACS)**: Sarbey na isinasagawa ng Census Bureau (Kawanihan ng Senso) na naglalabas ng datos sa apat na malalawak na kategorya taon-taon. Ang mga kategorya ay: panlipunan, demograpiko, pang-ekonomiya at pabahay. Napalitan na ng ACS ang “long form o mahabang form” ng census na kinokolekta minsan kada 10 taon. Hindi inirereport ng ACS ang bilang ng populasyon, at halip ay pagtatantiya lamang.

**Eleksyong At-Large (Nakaboboto ang Lahat para sa Lahat ng Katungkulan):** Sa hurisdiksiyon (halimbawa, county) kung saan may sistema sa eleksyon na at-large, nakaboboto ang lahat ng botante sa hurisdiksiyon para sa lahat ng kandidato na tumatakbo para sa katungkulan. Sa mga sistema ng eleksyong at-large, kuwalipikado ang mga kandidato at ang mga may katungkulan na magkaroon ng katungkulan, saan man sila nakatira sa nasasakupan ng hurisdiksiyon.

**Eleksyong By-District (Nakaboboto sa Distrito):** Sa hurisdiksiyon (halimbawa, county) na may sistema sa eleksyon na by-district, bumoboto ang mga botante mula sa bawat distrito para sa mga kandidatong tumatakbo para sa katungkulan sa kani-kaniyang distrito ng mga botante. Kailangan ding nakatira ang mga halal na opisyal at kandidato sa distrito na kinakatawan nila o gusto nilang katawanin.

**California Voting Rights Act (Batas ukol sa mga Karapatan sa Pagboto sa California):**
Ipinagbabawal ng California Voting Rights Act of 2001 (Batas ng California ukol sa mga Karapatan sa Pagboto ng 2001, CVRA), ang paggamit ng eleksyong at-large sa politikal na subdibisyon kung mapahihina nito ang kakayahan ng protektadong pangkat ng minorya na makapaghalal ng kandidatong pinipili nito, o kung hindi man, ay maiimpluwensiya nito ang kalalabasan ng eleksyon. Iba ang CVRA sa Federal Voting Rights Act (Pederal na Batas ukol sa mga Karapatan sa Pagboto, FVRA). Magmula noong maging batas ang CVRA, marami sa mga hurisdiksiyon sa California ang nagpalit na mula sa at-large tungo sa by-district na eleksyon.

**Census Block (Heyograpikong Unit para sa Pagsesensus):** Ang pinakamaliit na antas ng heyograpikong pagsesensus na ginagamit ng Census Bureau sa pag-uulat ng datos ukol sa senso. Sa mga lungsod, madalas na nakaayon ang census blocks sa mga bloke ng lungsod, at sa

kanayunan, madalas na itinatakda ang mga ito sa pamamagitan ng mga pisikal na katangian at legal na hangganan tulad ng mga ilog, lawa, estero at iba pang katulad nito, at ng mga daan. Nakabatay ang pagsasaayos muli ng mga distrito sa datos ukol sa census block na antas.

**Census Tract (Heyograpikong Rehiyon para sa Pagsesensus)**: Heyograpikong lugar na siyang pinaglalabasan ng datos ng census bureau. Permanenteng "mga unit para sa pagsusuri" ang census tracts kung ihahambing sa iba pang unit, at itinatakda ang mga ito para sa layunin ng paghaharap ng  datos tuwing ika-sampung taon. Madalas na naglalaman ang census tracts ng bilang na mula 2,500 hanggang 8,000 katao. Maaaring mahati ang census tracts ng lokal na mga hurisdiksiyonal na hangganan. Nasa loob ng census tracts ang census blocks.

**Citizen Voting Age Population (Populasyon ng mga Mamamayan na Nasa Sapat na Edad sa Pagboto, CVAP)**: Variable o nagbabagong impormasyon na kinokolekta ng American Community Survey at ginagamit sa pagtatasa ng Voting Rights Act. Ang populasyon na 18 taong gulang at mas matanda pa rito at mamamayan ng Estados Unidos.

**Community of Interest** (Komunidad na may Magkakatulad na Interes): Pangkat ng mga tao na may isa o higit pa na espesipiko at magkakatulad na interes. Para sa pagsasaayos muli ng mga distrito, binibigyang-depinisyon ang communities of interest ayon sa heyograpiya na nakabatay sa tinitirhan ng mga tao na may magkakatulad na interes.

**Kasiksikan sa Pagkakasama-sama o Compactness**: Madalas na tinutukoy ng kasiksikan sa pagkakasama-sama o compactness ang hugis at tabas ng distrito, at nakatuon ito kung gaano kalapit ang hitsura ng distrito sa bilog o kuwadro. Kung may "mga galamay o tentacles" ang distrito, o mga hangganan na kakaiba ang hugis, madalas na sinasabing hindi ito siksik o compact sa pagkakasama-sama. Sa California, binibigyang-depinisyon ang kasiksikan sa pagkakasama-sama o compactness na 'hindi iniiwasan ang kakalapit na mga populasyon' kapag nagsasaayos ng mga distrito.

**Magkakadikit o Contiguous O Pagkakadikit o Contiguity:** Ang distritong contiguous o magkakadikit ang mga bahagi ay distrito kung saan may heograpikal na koneksiyon sa isa't isa ang lahat ng bahagi nito, sa kung anumang paraan. Sa loob ng contiguous na distrito, maaaring magbiyahe mula sa anumang lugar tungo sa anumang iba pang lugar nang hindi tinatawid ang hangganan ng distrito. May ilang distrito na "may kadikit na tubig o water-contiguous," na ang ibig

sabihin, kailangang makonekta ang mga isla sa pangunahing isla o mainland; napagdidikit naman ang iba sa pamamagitan ng tulay. Ang paglikha ng contiguous na distrito ay ang paggamit ng pamantayan ukol sa ‘pagkakadikit o contiguity.’ Kung sa iisang bahagi lamang konektado ang mga distrito, hindi sila itinuturing na contiguous.

**Pagbibitak-bitak o Cracking:** Terminong ginagamit sa Mga Karapatan sa Pagboto na naglalarawan sa pagbibitak-bitak sa malalaking komunidad ng magkakalahi o may iisang etnisidad, tungo sa dalawa o higit pang distrito, sa halip na panatilihin silang magkakasama. Partikular na problema ang pagbibitak-bitak o cracking kapag pinipigilan ng pagkakahati ang komunidad sa paghahalal sa kandidatong gusto nito, dahil binubuo ito ng napakaliit na bahagi ng bumoboto sa dalawa o higit pang distrito.

**Pamantayan para sa Redistricting (Muling Pagsasaayos sa mga Distrito):** Itinatakda ng batas na mga patakaran na kailangang sundin ng ahensiyang nagsasagawa ng redistricting kapag lumilikha ng mga hangganan ng pang-eleksyon na mga distrito. Halimbawa, isa sa mga pamantayan ay dapat magkaroon ang mga distrito ng laki ng populasyon na makatwiran ang pagkakapantay-pantay.

**Paglihis o Deviation:** Ang pagkakaiba sa pagitan ng kabuuang populasyon ng distrito at ng ideyal na populasyon ng distrito.

**Pagsasaayos ng mga Distrito:** Ang proseso ng paglikha ng mga pang-eleksyon na distirto na pantay-pantay ang laki ng populasyon sa pamamagitan ng paggamit ng iba’t ibang pamantayan (tulad ng Communities of Interest). Sa pagsasaayos ng mga distrito, lumilikha ng mga pang-eleksyon na distrito “mula sa simula o from scratch” sa hurisdiksiyon (halimbawa, county) na kasalukuyang walang distrito. Magkakaroon ang mga hurisdiksiyon na walang distrito ng “at-large” na eleksyon. Ang mga hurisdiksiyon naman na may mga distrito na ay lilikhaing muli, o i-aayon (na madalas ay ginagawa) tuwing sampung taon matapos ang paglalabas ng bagong datos ukol sa sensus, at nang magawang pantay-pantay muli ang mga populasyon. Tinatawag ang prosesong ito na redistricting o muling pagsasaayos ng mga distrito.

**File ukol sa Kaugnayan (Equivalency File):** GIS na file na nagpapakita ng kaugnayan sa pagitan ng dalawang heyograpikong unit. Sa muling pagsaayos ng mga distrito, madalas na inililista ng file na ito ang bawat bloke sa census sa dataset (pangkat ng mga datos) at isinasaad kung anong distrito

ang kinabibilangan ng bawat bloke. Binabasa ng GIS na software ang koleksiyon na ito ng mga nakatalagang bloke at ipinapakita bilang mga linya ng distrito.

**Batas na FAIR MAPS:** Ang "Fair And Inclusive Redistricting for Municipalities And Political Subdivisions (Makatarungan at Inklusibong Muling Pagsasaayos ng mga Distrito para sa mga Munisipalidad at Politikal na Subdibisyon)"  ay batas ng estado na tinutugunan ang lokal na muling pagsaaayos ng mga distrito para sa mga Lungsod at County ng California. Espesipikong dinedetalye ng Elections Code (Kodigo sa Eleksiyon) ng CA Mga Seksiyon 21500 — 21509 ang proseso, mga pamantayan, at itinatakda para sa mga county. Nang dahil sa batas na ito, higit na nagkakaroon ng kabukasan sa pagsisiyasat at ng pampublikong partisipasyon sa proseso para sa lokal na redistricting.

**Software para sa Geographic Information Systems (Mga Sistema para sa Heyograpikong Impormasyon, GIS)**: Programa sa kompyuter upang makakuha, makapag-imbak, matiyak kung tama, mapagsama, mamanipula, masuri, at maipakita ang datos na may kaugnayan sa mga posisyon sa rabaw o surface ng Mundo. Ilang halimbawa ng karaniwang ginagamit na software para sa GIS ang Google Earth, ArcGIS, QGIS, Maptitude, at MapInfo.

**Ideyal na Populasyon:** Ang kabuuang populasyon sa hurisdiksiyon ayon sa pagkakaulat ng pangkat ng mga datos na Census P.L. 94-171, na dini-divide sa bilang ng mga distrito. Ang ideyal na populasyon ang bilang ng mga tao na dapat laman ng bawat distrito kapag nakompleto na ang proseso ng redistricting.

**(Mga) layer o nakasalansang bahagi ng map:** Termino ng GIS para sa files ng datos ukol sa kinaroroonan (spatial)/heograpiya ayon sa pagkakalarawan sa mga ito sa GIS na software. Posibleng ipakita ng mga layer o nakasalansang bahagi ng mapa ang attribute data (impormasyong ginagamit sa paggawa ng mga tsart). Ginagamit din kung minsan ang terminong 'map layer o nakasanlansang mga bahagi ng mapa' bilang kapalit ng 'spatial file' at 'GIS data file.'

**Packing (Pagsisiksik)**: Terminong ginagamit sa mga Karapatan sa Pagboto, na naglalarawan ng labis na konsentrasyon ng malaking komunidad ng magkakalahi o may iisang etnisidad sa loob ng iisang distrito, gayong posible namang maitalaga sila sa pagitan ng dalawa o higit pang distrito, at nang magkaroon sila ng kakayahang makapaghalal ng kandidatong pinipili nila. Malaking problema ang packing dahil binabawasan o pinahihina ng labis-labis na konsentrasyon ng

komunidad sa iisang distrito ang kakayahan nito, sa pangkalahatan, na magkaroon ng makatarungang representasyon sa lehislatura.

**Racially polarized voting (pagboto batay sa lahi na nagdudulot ng lubos na pagkakaiba, RPV) o racial bloc voting (pagboto bilang pangkat batay sa lahi):** Nangyayari ang racially polarized voting (pagboto batay sa lahi na nagdudulot ng lubos na pagkakaiba) kapag may tendensiya ang mga botante na magkakaiba ang lahi na bumoto nang pangkat-pangkat para sa magkakaibang kandidato. Halimbawa, may racially polarized voting sa lugar kung saan may tendensiya ang mga puting botante na bumoto laban sa mga kandidato na siya namang isinusulat sa balota ng mga botanteng Asyano Amerikano.

**Populasyon kung saan Makatwiran ang Pagkakapantay-pantay (Reasonably Equal Population)**: Ang pamantayan sa redistricting kung saan ipinapatupad ang konseptong isang-tao, isang-boto na mula sa ika-14 na Pag-amyenda sa Konstitusyon ng US.

**Redistricting (Muling Pagsaaayos ng mga Distrito):** Ang ipinag-uutos ng konstitusyon na muling paglikha ng mga lokal, pang-estado, at pederal na politikal na hangganan tuwing ika-sampung taon, kasunod ng senso ng U.S. Ginagawa ang redistricting upang magkaroon ng pagkapantay-pantay ang mga populasyon sa mga distrito, gamit ang ilang pamantayan.

**Summary File (File na Naglalaman ng Buod) ng Datos ukol sa Redistricting (P.L. 94-171) O 'P.L. 94-171 Summary File':** Ang opisyal na pangalan ng file na naglalaman ng datos na ginagamit para sa districting at redistricting. Ipinag-uutos ang paglikha ng file na ito, gamit ang datos na nakolekta sa pamamagitan ng Decennial Census (Senso tuwing Ika-Sampung Taon) ng Public Law (Pampublikong Batas) 94-171. Iniuulat ng P.L. 94-171 file ang batayang demograpikong datos para sa lahat ng tao na nasa U.S., at inilalabas ito sa antas ng census block.

**Seksiyon 2 (ng Federal Voting Rights Act o Batas Pederal ukol sa mga Karapatan sa Pagboto)**: Ipinagbabawal ng Seksiyon 2 ng Federal Voting Rights Act (Batas Pederal ukol sa mga Karapatan sa Pagboto, VRA) ang mga karaniwang gawain, polisiya, o patakaran na may layunin o epekto ng diskriminasyon sa mga minorya batay sa lahi o wika; ipinatutupad sa kabuuan ng bansa ang seksiyon na ito at permanenteng probisyon ito ng VRA. Upang masunod ang Seksiyon 2 ng VRA, kailangang magkaloob ang mga distrito sa mga botante ng magkakapantay na oportunidad na maghalal ng kandidatong pinipili nila.

**Kabuuang Paglihis o Total Deviation**: Ang pagkakaiba sa pagitan ng pinakababang pagkakalihis at pinakamataaas na pagkakalihis sa lahat ng distrito.

**Voting Age Population (Populasyon na nasa Sapat na Edad sa Pagboto, VAP):** Ang bilang ng mga tao na my edad na 18 taong gulang o mas matanda pa.

**Voting Rights Act (Batas ukol sa mga Karapatan sa Pagboto):** Orihinal na ipinasa ang Voting Rights Act (Batas ukol sa mga Karapatan sa Pagboto) noong 1965 upang ipagbawal ang diskriminasyong batay sa lahi o kulay. Ilang beses na itong naamyendahan, at ngayon ay ipinagbabawal na rin nito ang diskriminasyon nang dahil sa pagiging miyembro ng ilang minoryang pangkat batay sa wika.